# SAYAW DE GULONG



Kwento ni:
Raymark M. Villanueva
Guhit ni:
Erich D. Garcia EdD





*Pamantayan sa Pagkatuto:*

- ***Naisakikilos ang sariling kakayahan sa iba't ibang pamamaraan: pag-awit, pagguhit, pagsayaw, pakikipag-talastasan at iba pa. (EsP2PKP- Ia-b – 2)***
- ***Napahahalagahan ang saya o tuwang dulot ng pagbabahagi ng anumang kakayahan o talento. (EsP2PK P-Ic – 9)***
- ***Nakapagbabahagi ng sarili sa kalagayan ng kapwa tulad ng: antas ng kabuhayan, pinagmulan, pagkakaroon ng kapansanan. (EsP2P- IIc – 7)***



## Development Team

Kuwento ni: **Raymark M. Villanueva**

Guhit at Lapat ni: **Erich D. Garcia EdD**

Learning Resource Manager:


**Ruby M. Jimenez, PhD**

*Learning Resources Management and Development Section, EPS-I*

**Pampanga**


SAYAW DE
GULONG





Tila bumabalik ang lahat ng mga masasayang alaala, kaba at pananabik na naramdaman tuwing pinapanood ni Liway ang mga *videos* ng kanyang pagkapanalo sa patimpalak na nilahukan niya noong nakaraang taon.

"At ang ating kampeon para sa pinakamahusay na mananayaw ay si … Liway!"


Dinig ang palakpakan ng lahat, hindi masukat ang sayang nadarama ni Liway sa panahong iyon.



Masayahing mag-aaral mula sa ikalawang baitang si Liway. Siya ay masipag sa pag-aaral, palaging kasama sa mga pagtatanghal sa kanilang paaralan at madalas ay napipiling kinatawan sa larangan ng pagsasayaw.

Bata pa lamang ay mahilig na siyang sumayaw dahil sa dumadaloy sa kanyang dugo ang pagiging mananayaw. Ang kaniyang ama at ina ay miyembro ng sikat na grupo ng mananayaw sa kanilang lugar.






Ang mga ngiti ni Liway ay napalitan ng lungkot mula nang naganap ang isang pangyayari sa kaniyang buhay. Ilang buwan pagkatapos ng kaniyang pagkapanalo ay tila sinubok na siya ng pagkakataon.

Siya ay kinapitan ng isang sakit na guguho sa kaniyang pangarap. Siya ay nagkaroon ng sakit na polio. Ang pangarap niyang makilala sa larangan ng pagsasayaw ay tila naging hanggang panaginip na lamang.



Nag-umpisa ang lahat nang siya ay nilagnat na may pananakit ng kalamnan, pagsusuka, pananakit ng ulo at lubhang hapo ang katawan.

Isinugod siya sa ospital at agad kumunsulta sa kanilang doktor. “Dok, ano po ang nangyayari sa anak ko?” pagtatanong ng kaniyang ina. “Dahil sa mga sintomas na ipinamalas ni Liway ay maaaring kinapitan siya ng sakit na polio,” pagpapaliwanag ng doktor.









Narinig ni Liway ang doktor. "Ano po ang polio?" ang tanong niya. "Ito ay isang sakit na kung saan kapag lumala ay maaari kang maparalisa at hindi na makalakad pa." Pagkarinig niya ay tila pinagsukluban siya ng langit at lupa.

Bumaling ang mga tingin sa mga magulang at ramdam ng mga ito ang sakit na bumabalot ngayon sa puso ng anak.




Sadyang dinamdam ni Liway ang mga pangyayayring iyon. Ramdam niya sa kaniyang sarili ang panghihinayang na kailanman ay hinding-hindi na siya muli pang makakasayaw tulad ng kaniyang ginagawa noon.

Siya ay naging matamlay. Nagkukulong sa kanyang silid at walang ibang ginawa kung hindi ang paulit-ulit na panoorin at alalahanin ang pinakamasayang araw ng kaniyang pagsasayaw.




“Liway, kain ka muna,” wika ni Aling Lina. “Busog pa po ako inay,” sambit ni Liway. Sa tuwing kakausapin siya ay bigla na lamang bumubuhos ang luha sa kaniyang mga mata.

“Inay, Itay, patawad po. Hindi ko na makakamit ang pangarap kong maging mahusay na mananayaw,” panghihinayang ni Liway. “Wala kang kasalanan anak,” tugon ng ina. “Magiging maayos din ang lahat,” dagdag ng ama.







Nais man ng mga magulang ni Liway na aliwin ang anak ay wala silang maisip na paraan upang hindi na maalala ang masakit na katotohanang iyon.


Masakit man sa damdamin ay nagpapakatatag ang mag-asawa. "Kapag naging maayos na ang iyong pakiramdam ay muli tayong mag-eensayo ng sayaw anak," kalmadong sambit ng ina. "Kailangan lamang na manalig tayo sa Panginoon," dagdag pa nito.





Isang umaga ay nakita ni Liway na may kausap ang mga magulang sa labas ng bahay.


"Sino po ang kausap ninyo kanina?" tanong ni Liway. "Si Ginang Mirasol iyon anak," tugon ni Aling Lina. "Iniimbitahan niya kaming magtanghal sa darating na Linggo. Magkakaroon sila ng isang palatuntunan para sa mga batang may kapansanan," paliwanag ng ama. "Nais mo bang sumama anak?" tanong ng ina.



Noong una'y hindi makasagot si Liway. Hindi pa siya handang makakita ng ibang tao at baka tuksuhin siya dahil sa karamdaman.

"Huwag kang mag-alala anak, kung ayaw mong sumama ay hindi ka namin pipilitin," wika ng ina bagamat nais niyang makasama ang anak upang mabawasan ang sakit na nadarama.


"Sige   po,sasama po ako," na-pilitang sagot ni Liway. Natuwa ang mag-asawa sa tugon nito.





Dumating na nga ang araw ng pagtatanghal. Maagang gumising si Liway upang maipakita sa kaniyang mga magulang na sabik siyang makitang sumayaw ang mga ito.

"Ayos ka lang ba anak?" pagsisigurong tanong ng ama. "Opo, itay. Sabik na nga po akong panoorin kayo ni inay," sagot naman ng anak. "Tandaan mo anak, ang sayaw na ito ay para sa iyo," sambit naman ng ina.





Naging maayos ang kanilang pagtatanghal. Nagpalakpakan ang lahat nang sumayaw na ang mag-asawa. Sa pagtatapos ng palatuntunan ay may isa pang magtatanghal. "Mga kaibigan, atin pong palakpakan ang ating susunod na magtatanghal,
si Dino."

Laking gulat ni Liway ng may isang batang lalaki na lumabas sa entablado. Si Dino, na katulad niya ay may kapansanan at hindi rin nakakapaglakad dahil ipinanganak na lumpo.



“Ano kaya ang gagawin niya?” tanong sa sarili ni Liway. “Sumasayaw siya? Sumasayaw ang isang pilay gamit ang kaniyang *wheelchair*?” pagtataka ni Liway.

Noon ay nabigyang muli si Liway ng bagong pag-asa na sa kabila ng kaniyang kapansanan ay kaya pa rin niyang abutin ang pangarap na maging mahusay na mananayaw. Sa pagtatapos ng pagtatanghal ni Dino ay malakas na palakpak ang pinakawalan niya.



Pag-uwi ng mag-anak ay agad kinausap ni Liway ang mga magulang.

“Inay, Itay; nais ko po sanang matuto ng sayaw. Nais ko po sanang maging katulad ni Dino,” hiling ng anak.

“Sige anak. Bukas na bukas ay maghahanap tayo ng paaralan na may programa sa pagtuturo ng paraang iyon,” mabilis na tugon ng mag-asawa.

Muling bumalik ang sigla ni Liway. Ang dating ngiti sa labi ay muling nasilayan. Sa paghahanap ng mapapasukang paaralan na nagsasanay sa mga katulad niyang may kapansanan ay galak at pag-asa ang baon nito.

"Siya po ba si Liway?" tanong ng kaniyang magiging tagapagsanay. "Opo," sabay na sagot ng mag-asawa. "Liway anak, si Ginang Mildred ang magiging guro mo sa pagsasayaw," pagpapakilala ng ama.





Sa umpisa ay nahirapan siyang makagalaw ng maayos.

"Kaya mo yan anak!" hiyaw ng kaniyang magulang upang lalo pang lumakas ang loob nito.

Pagpupursiging matuto ang tanging makikita sa mga mata ni Liway kung kaya't hindi rin nagtagal ay natutunan niya ang mga aralin na itinuturo sa kanya.

"Madali kang natuto dahil sa nasa puso mo ang pagsasayaw," puri sa kaniya ng guro.



Patuloy na nag-ensayo si Liway sa pagsasayaw gamit ang *wheelchair.* May mga pagkakataong natutumba at nasusugatan pero nagpatuloy pa rin siya.

Hindi nagtagal ay bumalik siya sa pagsali sa mga patimpalak. “Ngayon, atin pong palakpakan ang susunod na kalahok, si Liway,” tawag sa kaniya ng tagapagpakilala.

Ibinigay ni Liway ang lahat ng makakaya sa patimpalak na iyon. Namangha ang lahat sa kaniyang ipinakitang galing.



“At ang ating kampeon para sa pinakamahusay na mananayaw ay si … Liway, sa kaniyang sayaw de gulong!”

At malakas na palakpakan ang bumalot sa buong lugar.

Bumuhos ang luha sa kanyang mga mata dahil sa sobrang saya. Tinanggap niya ang kaniyang tropeyo kasama ang mga magulang.



Habang nasa entablado ay mahigpit niyang niyakap ang kanyang mga magulang.

"Maraming salamat po, Inay at Itay," pasasalamat ni Liway sa suporta at pagmamahal sa  kaniya ng kaniyang mga magulang.

Sa kabila ng mga masasakit na pangyayari sa kaniyang buhay ay nariyan pa rin ang kaniyang pamilya na patuloy na naniniwala sa kaniyang ka-kayahan.



TUNGKOL SA MAY-AKDA AT TAGAGUHIT AT TAGALAPAT

**RAYMARK M. VILLANUEVA :** Kasalukuyang nagtuturo sa Anao Elementary School, Anao, Mexico,Pampanga bilang Teacher III.

**ERICH D. GARCIA, EdD :** Nagsisilbi bilang punung-guro II ng Dela Paz Libutad High School, isa sa kasapi ng mga piling ilustrador ng Kagawaran ng Edukasyon mula taong 2012 hanggang kasalukuyan. Nagtapos ng edukasyon sa Don Honorio Ventura State University ng Bachelor of Science in Industrial Education Major in Drafting minor in drawing.



Ang bawat tao ay may kaniya-kaniyang mga kaka-yahan at talento na ipinagkaloob ng Panginoon.

Ang kailangan lang nating gawin ay linangin at mapaunlad ito. Si Liway ay isang batang may angking galing sa pagsasayaw.

Bagamat sinubok siya ng pagkakataon sa pag-abot ng kanyang pangarap na makilala sa larangan ng pagsasayaw ay hindi pa rin siya sumuko bagkus ay naging mas matatag siya sa pagharap sa mga hamon ng bukas para makamit ito.

Ito ay dahil sa tulong ng kaniyang mga magulang na kung saan hindi nawalan ng pag-asa at nagbigay ng hindi matatawarang pagmamahal at pagtitiwala sa anak.

Sila ang naging inspirasyon niya upang sa kabila ng kaniyang naging kapansanan ay nakamit pa rin niya ang tagumpay.

Ikaw, paano mo ba ginagamit ang iyong talento?

